

## Ano ang Gagawin kapag May Isa na Natumba

Puwedeng gamitin sa pagsasanay ang talaan ng payo na ito o ipamahagi sa mga direct support professional (DSPs) para makapagbahagi ng impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin kapag may natumba. Kabilang dito ang mga hakbang na gagawin kapag may natumba at mga detalyeng isasama sa dokumentasyon.

### Kapag May Isa na Natumba...

Manatiling kalmado. Tandaan na kapag natumba ang isang tao, siya ay nangangatal o nasa pagkabigla. Maingat at kaagad na pag-aralan ang situwasyon.


1. **Makinig** sa sinasabi sa iyo ng taong iyon.
2. **Obserbahan** ang posisyon ng katawan ng tao at tingnan kung may mga dumugo sa katawan, nabaling mga buto, o nahihirapang huminga.
3. **Tanungin** ang indibidwal kung ano ang nararamdaman niya.
4. **Tumawag sa 911 para sa tulong na emergency!**  
Kung parang malubhang napinsala ang taong iyon, matindi ang pagdurugo, o may nararamdaman sobrang sakit, **tumawag sa 911. Huwag silang galawin.**
5. **Abisuhan** ang doktor ng taong iyon at ibigay sa kanila ang detalye ng pagkatumba - kailan, saan, at paano natumba ang taong iyon.
6. **Idokumento** ang nangyari - ang pagkatumba at ang follow-up. Magpanatili ng tuloy-tuloy na tala ng pagkahulog para makabuo ng kasaysayan ng mga pagkatumba.



### Dokumentasyon

Dapat kumpletohin ang dokumentasyon pagkatapos ng bawat pagkatumba at kasama dito ang:

- **Mga Sintomas** - Ano ang nangyari bago natumba?
- **Lokasyon** – Saan natumba ang tao ito?
- **Ginagawa** – Ano ang ginagawa ng taong ito noong siya ay natumba?
- **Panahon**– Ano ang petsa at oras noong araw na iyon?
- **Insidente** - May nangyari bang pinsala? Nakatanggap ba ng lunas ang taong ito?



## Talaan ng Payo

Gumamit ng **rekord ng pagkatumba** para sa bawat tao para idokumento ang mga insidente ng pagkatumba.